Mindanao Forum, Vol. XXI, No. 2, December 2008

# Sino Ba Talaga ang Bida sa Bidahan? Aaaah... Bahala na si Batman!

GERMAN V. GERVACIO

**Abstrak**

*Tatalakayin sa papel na ito ang mga karaniwang problema sa Salaysayan o Storytelling. Sa isang paraang pakuwento rin, sisikapin ng artikulong tukuyin ang madalas na pagmulan ng kalituhan kaugnay ng pagdaraos ng Salaysayan, sa klasrum man o paligsahan; at ang posibleng sagot sa mga agam-agam na ito.*

*Magmumungkahi rin ng ilang mga paraan sa pagpili at paghahanda ng piyesa sa Pagkukuwento; sistema ng pagtetreyn ng kalahok; at simplipikadong kraytirya ng pagrereyt at pag-eevalweyt ng mga kontestant. Sa pamamagitan ng paghahanay ng mga "dapat" at "hindi dapat" sa Pagsasalaysay, maigigiya ang mga kalahok; tagapagsanay at tagapamahala sa mga wastong tunguhin ng Sining at Agham na rin ng Pagkukuwento.*

*Sa huli, nilalayon ng artikulo na mabigyan-diin na ang pinakamahalagang salik ng Pagkukuwento ay ang "Kuwento" mismo. Ibinabalik ang focus sa kahalagahan ng mensaheng nakapaloob sa kuwento na hindi dapat matabunan ng iba pang teknikalidad at nakagawiang paghahatag ng mas makatuwirang bigat sa Tagasalaysay sa halip na sa totoong bida sa bidahan—ang Kuwento.*

*This paper discusses the usual problems in storytelling during storytelling sessions or during contests. This paper pinpoints the usual source of confusion in relation to the conduct of storytelling, whether it be inside the classroom or during a contest and the possible*

---

GERMAN G. GERVACIO, a graduate of AB Filipino at MSU-IIT, Magna Cum Laude and MA Malikhaing Pagsulat (UP Diliman). He was a Fellow of the 1st Iligan National Writers Workshop, 1st UP Mindanao National Writers Workshop and 2nd Panulat National Writers Workshop. He was the Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature three times and a four-time winner of the Homelife Magazine National Poetry Competition. He is currenly an Associate Professor of the Department of Filipino at ibang mga Wika, MSU-IIT, and is completing his a Ph.D. degree from the UP Diliman. He is an Outstanding Alumnus of the MSU-IIT.

*answer to these doubts.*

*Suggestions are given on ways of selecting and preparing pieces for telling a story, the process of training the contestant; and, a simplified criteria of rating and evaluating contestants.*

*Through the presentation of "do's" and "don'ts" in storytelling, the contestants will be guided accordingly and the trainer and the supervisor will also be directed by the right art and science of storytelling by focusing on the most vital element of storytelling — the "story" itself.*

*It brings back the focus on the importance of the message in the story that should not be obscured by technicality and the putting of more weight on the storyteller's telling when the more important aspect in the storytelling is the story itself.*

*Key terms: Delivery, creativity, content, audience reaction, storytelling*

Malamig ang hininga ng erkon sa opisina ng iyong superyor pero tagaktak ang pawis mo. Inabot sa iyo ang isang imbitasyon para sa Pambansang Paligsahan sa Pagkukuwento. "Bahala ka na diyan!" sabi niya. "Bahala na si Batman!" sabi mo naman sa sarili mo habang parang makukulit na Robin ang mga katanungang namugad sa utak mo...

Nung gabing iyon ay hindi ka makatulog. May kumukruug-kruuug sa sikmura mo pero hindi ka sigurado kung dahil iyun sa matinding gutom o sa tensyon. Ilang beses mong tinangkang sumubo kanina pero wala kang gana. Mas inaalala mo ang trabahong inatas ng superyor. Sa isang linggo na ang Division Elimination!

Sinubukan mo namang magriserts kanina. Hindi ka na sanay sa laybrari kaya "Internet tu da reskyu!" Sa DepEd galing yung imbitasyon at memo kaya ang websayt nito ang una mong dinalaw. Me dalawang topic lang sa websayt ng DepEd tungkol sa storytelling. Hindi ka masyadong naedyukeyt ng Department of Education. Lumipat ka sa "bahay" ng CHEd. Tinayp mo ang search keyword na "Pagkukuwento. Wala raw ganung topic. Sinubukan mo ang keyword na "Kuwento." Ang lumabas ay "Korean." Napa-tsk tsk ka nang maaalala ang mga Koreanovela at Asianovelang hindi mo na mapapanood sa mga susunod na araw dahil sigurado kang kakainin ang oras mo ng paghahanda sa kontes. Goodbye Three Daddy and One Mommy! Ayo-ayo Mischievous Princess! Paalam but Be Strong Geum Soon! At ngayon nga'y kailangang ikaw ang maging malakas, matatag. Ipinagpatuloy mo ang paghahanap. Enter keyword: Storytelling. Ang lumabas na mga paksa ay "Streamlining." Naalala mo ang mabagsik na mukha ng superyor mo

nang minsang mitingin kayo nito at warningan na malamang na magtanggal ng mga guro sa susunod na school year at unang-unang malalaglag yung mga titser na pasaway at hindi tumutugon sa responsibilidad! Umuusok ang tenga't ilong ng superyor at nararamdaman mo ang hiningang-Dragon nito. Ibinigay pa nitong halimbawa yung titser sa Filipino na nasisante dahil hindi nakapagtreyn ng estudyanteng lalahok sa Pambansang Paligsahan sa Pagtatalumpati. Istoriteling naman yung sa iyo, pero ganun din yun. Lalong lumakas ang kruug-kruuug sa iyong sikmura at tila ngayon ay sinasabayan pa ito ng pagaspas ng mga paruparong umakyat na yata sa iyong dibdib. Naramdaman mong nahihirapan kang huminga. Nag-log off ka at mabilis pa sa alas-kuwatrong lumabas ng internet café.

At ngayon nga'y muli mong naramdaman ang paninikip ng dibdib. Para kang nauupos na di mo mawari. Nag-iisa ka sa kuwarto mo at sandali kang natakot nang maisip ang maaaring mangyari kung bigla kang hihimatyin. Ang kaninang mga paruparo sa dibdib mo ay tila umakyat na sa utak mo. Unti-unting nagdilim ang iyong paningin subalit tinatakasan ka na ng ulirat ay yung mukha pa rin ng superyor mo ang nasa isip mo at ang huli niyang habilin: Bahala ka na diyan! Bahala ka na diyan!

Ipinikit mo ang namimigat nang mga mata habang inuusal ang: "Bahala na si Batman...Bahala na si Batman...

Tuluyan mo na sanang ipipikit ang namimigat na mga mata nang may marinig kang malakas na Pooof! Pooof!

Idinilat mo ang iyong mga mata at tumambad sa harapan mo si Batman.

Pumikit ka muli. Dumilat. Pumikit. Dumilat. Nasa harapan mo talaga si Batman! Patay ka na ba? Naitanong mo sa sarili. Pero bakit si Batman at hindi si San Pedro ang nasa iyong harapan? Ayaw mong manghula kaya itinanong mo na rin:

**Si Ikaw**: Sino ka? Bakit ka nandito?

**Si Batman**: Okey ka lang? Hindi ba sabi mo ako ang bahala? Kaya nandito 'ko.

**Si Ikaw**: Ano naman ang alam mo sa Pagkukuwento?

**Si Batman**: E sira ka pala e. Panay ka "Bahala na si Batman! Bahala na si Batman...tapos...

Hindi mo alam kung ipagpapatuloy mo pa ang usapang ito pero tinatalo ka ng pagnanais na masolusyunan mo na agad ang problema mo. Nahihiwagaan man ay hinarap mo uli si Batman.

**Si Ikaw**: Tungkol kasi sa...

**Si Batman**: Alam ko. Aber, ano ang gusto mong malaman?

**Si Ikaw**: 'Yung prinsipal kasi namin...

**Si Batman**: Alam ko nga...Ano nga ang gusto mong itanong tungkol sa Pagkukuwento?

**Si Ikaw**: Sa katunayan, hindi ko alam kung saan magsisimula...

**Si Batman**: Simulan mo kaya sa pagtatanong kung ano ang "Pagkukuwento?"

**Si Ikaw**: Ano ang Pagkukuwento, aber?

**Si Batman**: Tister ka hindi mo alam? Well, ang pagkukuwento ay isang matandang oral na tradisyon. Mas matanda pa ito kaysa nakasulat na salita. Pero siyempre, nag-evolve na rin ito sa pagdaloy ng panahon. At eto nga, at me pakontes-kontes pa kayo!

**Si Ikaw**: 'Yun nga ang problema ko e. 'Yang kontes na yan! Next week na raw.

**Si Batman**: 'Yan ang isa sa mga problema sa ganyang mga kontes-kontes. Akala n'yo'y mga Superman ang mga bata! Dahil sining ang pagkukuwento, hindi dapat 'yan minamadali!

**Si Ikaw**: Sabihin mo yan sa bosing ko. Ano ba talaga ang una kong dapat gawin?

**Si Batman:** Una mong dapat gawin ay magrelax muna at baka atakihin ka pa diyan! Bukas, sa klase mo ay pumili ka ng puwedeng maging kontestant.

**Si Ikaw:** Pa'no ko pipili?

**Si Batman:** Ang isang paraan ay rebyuhin mo muna ang mga kraytiryon sa pagpili ng mahusay na Tagakuwento. Ang problema'y iba-iba nga ang kraytirya sa ganitong mga kontes. Subukan mong ievalweyt ang kakayahan ng kontestant sa mga sumusunod:

Kontent
Deliveri
Kreyeytiviti
Reaksyon ng Odyens

**Si Ikaw:** E pa'no nga?

**Si Batman:** Sige, akin na yung piyesang gagamitin mo.

**Si Ikaw:** A e...iyun nga ang isa ko pang problema e. Pa'no ba ko pipili ng piyesa para sa Pagkukuwento?

**Si Batman:** Anak ng paniki naman! Titser ka bang talaga? Eniweys, dahil ang pagpili ng kuwento ang pinakaimportanteng bahagi ng proseso at pinakamatrabaho at matakaw sa oras, kailangang tutukan mo ito. Kailangang ang pipiliin mong kuwento ay yaong maaaring "makasama" ng tagakuwento sa loob ng maraming linggo o kahit buwan pa. Hindi kailangang sobrang haba o sobrang ikli. Kailangang akma rin ito sa sense of humor, personalidad at drama ng tagakuwento. Tandaang ang kuwento ay binibigkas at hindi binabasa. May mga kuwentong mainam basahin subalit hindi mabuting bigkasin. Ipapayo ko ang mga kuwentong bayan, pabula, alamat at mito. Ang kuwentong mainam iresayt ay yaong hindi na nangangailangan ng larawan, props o kostyum para lamang maunawaan ng odyens.

**Si Ikaw:** Puwede rin ba yung mga maiikling kuwento at personal na sanaysay?

**Si Batman**: Depende. Pero ang mga ganung kuwento ay hindi mula sa oral na tradisyon. Karaniwan, ang mga ganoong kuwento ay mahirap ikuwento dahil nakasalalay ito sa maingat na lengguwahe ng manunulat at may mawawala rito kung hindi mo bibigkasin ng salita sa salita.

**Si Ikaw**: Okey lang ba yung mga kuwento na may bahaging inaawit?
**Si Batman**. Puwede rin pero ang rule of the thumb diyan ay hindi kailangang lumagpas sa 10% ang bahaging inaawit. Saka tandaang hindi dapat graduhan ang pag-awit. Walang koneksyon ang galing sa pag-awit sa galing sa pagkukuwento.

**Si Ikaw**: Ano'ng paksa ba ang mabuti?

**Si Batman**: Wala namang partikular na paksa. Pero siyempre pipiliin natin yung mga paksang may positibong pananaw. Halimbawa, kung problema natin dito sa Mindanaw ang kapayapaan, makatuwiran lamang na humanap tayo ng mga kuwentong magsusulong sa edukasyong pangkapayapaan. At bago ko makalimutan, may mga kuwentong akma para sa mga estudyante sa elementari, hayskul at kolehiyo, May mga paksain ding nababagay para sa kanila.

**Si Ikaw**: Mukhang meron na akong naiisip na kuwento. Puwede ba 'yung "Alamat ng Ampalaya" ni ...sino nga ba ang sumulat nun?

**Si Batman**. Augie Rivera. Kanina'y sinabi ko na hindi masyadong mainam ang mga kuwentong may awtor. Pero mukhang isa sa exepsyon ang "Alamat ng Ampalaya" Isa pa'y alamat kaya yun...

**Si Ikaw**: Saka masarap ikuwento yun, punung-puno ng aksyon!

**Si Batman**: Hep-hep...teka...bagama't mainam na magtaglay ng aksyon ang piyesa, tandaan mong ang magiging kontestant mo ay tagakuwento at HINDI aktor. Naalala ko tuloy ang isang kontestant na gumulung-gulong pa sa entablado dahil me karakter sa kuwento na gumulong. Tinig ang pangunahing sandata ng isang tagakuwento.

**Si Ikaw**: Nangangahulugan bang hindi dapat gumalaw ng aking kontestant?

**Si Batman:** O.A. mo naman! Hindi rin naman dapat na para siyang radyong naiwang bukas sa ibabaw ng entablado. Kalimita'y dinadaan ang "aksyon" sa expresyon ng mukha at minimal na galaw ng katawan at kamay. Kung kinakailangan mang gumalaw ay hindi dapat lumagpas sa mga tatlong talampakan ang paglakad-lakad. Ang mahalaga rito'y mapaabot sa odyens ang damdamin ng kuwento, higit, sa varyasyon ng tinig. Hayaan na natin sa Dula ang umaatikabong aksyon.

**Si Ikaw:** Nabanggit mo ang tungkol sa tinig. Ano'ng tinig ang nababagay sa pagkukuwento?

**Si Batman:** Iba-iba naman talaga ang paraan ng pagkukuwento. Pero siempre, mahalaga sa tagakuwento ang kalidad ng boses. Kailangang malakas at malinaw ang pagsasalita. Hindi puwede ang bosespipis at hindi rin dapat yung tinig na parang nanggagaling sa loob ng banga. Alam din dapat ng tagakuwento kung anong bahagi ang kailangan niyang bigkasin ng mabilis at anong bahagi ang mabagal. Iba rin ang pagkukuwento sa piyesang nakakatakot o komedi. Kailan kailangang tumigil o bitinin ang pangungusap papunta sa kasukdulan.
**Si Ikaw:** Mahirap din pala mag-evaluweyt ng estudyanteng puwedeng isabak sa kontes...

**Si Batman.** At ang isa pang bad news sa iyo...simula pa lang 'yan. Mahalaga ang personalidad ng tagakuwento. Kailangang maiprodyek niya nang maayos ang kanyang sarili sa ibabaw ng entablado. Mula sa paglakad sa entrada hanggang sa pag-exit. At napakaraming mga DAPAT at HINDI DAPAT gawin sa Pagkukuwento.

**Si Ikaw:** Parang gusto ko na yatang umatras...kinakabahan ako e...

**Si Batman:** Coach at trainor ka pa lang. Paano na lang ang kabang nararanasan ng isang kontestant?

**Si Ikaw:** Pero normal lang naman daw ang kabahan.

**Si Batman:** Stage fright ang tawag dun. Yung parang may paruparo sa sikmura natin. Normal yun. Pero kailangang sa loob ng mga ilang minuto, mawala na. Hanggang sa ang mga odyens na ang nagbigay sa iyo ng kaba ay siya na ngayong nagbibigtay sa iyo ng lakas.

**Si Ikaw**: Ano ba ang dapat gawin bago umakyat ng entablado?

**Si Batman**: Makakatulong ang pag-eehersisyo. Labasan ka ng konting pawis ay okey na. Huwag ka rin kakain nang marami subalit huwag na huwag ding magpakagutom. Baka kainin mo ang mga salita na siyang hindi dapat mangyari. Lumakad nang mahinahon papunta sa gitna ng entablado at humarap sa odyens. Mag-mental count nang hang tatlo bago magsalita. Huwag na huwag magsasalita habang naglalakad o kung ang odyens ay hindi pa nakatingin lahat sa iyo. Alalalahanin ding hindi lamang ang mga hurado ang iyong odyens. Napakahalaga ng mata sa matang kontak. Hindi ang mga butiki sa kisame at dingding ang iyong odyens at lalong hindi ang mga sapatos ng mga hurado. Tantiyahin ang lawak ng tanghalan at siguraduhing ang pinakadulong tao sa odyens ay maririnig ka.

**Si Ikaw**: Dyaan-dyararaaan! Simula na ng kuwentuhan!

**Si Batman**: Ang pagkukuwento ay pagdadala ng iyong odyens sa daigdig sa loob ng iyong kuwento. Hindi lamang nila dapat marinig ang iyong mga karakter, kundi mahalaga ring makita nila ito, maamoy, malasahan at madama. Kailangang magawa mong maipaloob sila sa iyong kuwento at huminga kasama ng iyong mga karakter.

**Si Ikaw**: Kailangan bang imemorays ang kuwento? Paano kung makalimot ka sa gitna ng pagkukuwento?

**Si Batman**. Hindi kinakailangang kabisaduhin ang kuwento. Kaya nga kailangan ang mahabang panahon ng pag-aaral sa kuwento ay dahil kailangang maunawaan ng tagakuwento ang piyesa—ang puno't dulo ng istorya hanggang sa kaliit-liitang detalye. Subalit kung minsan ay mainam na kabisaduhin ang panimula at kung paano wawakasan ang kuwento para sa mas makinis na pagsisimula at pagtatapos. Kung saka-sakaling makakalimot ka, huminto sandali at alalahanin ang pagkakasunod-sunod ng pangyayari. Kung gayo'y mahalaga na matukoy mo ang Simula, Gitna, Kasukdulan at Wakas ng iyong kuwento.

**Si Ikaw**: Mukhang may idea na ako kung paano mag-eevaluweyt ng isang mahusay na pagkukuwento. Subalit hindi pa rin nangangahulugan ito na madali na ang pagtetreyn ng kontestant. Halimbawa'y paano madedevelop ang tinig?

**Si Batman:** Lagi nating sinasabing kailangang magmula ang tinig sa diaphragm. Subalit bukod sa karaniwa'y hindi natin alam ang ispeling ng diaphragm, hindi rin natin alam kung saan matatagpuan.

**Si Ikaw:** Alam ko yata ispeling nun! Pero nasa'n nga ba ang diaphragm?

**Si Batman:** Binanggit natin kanina na sining ang pagkukuwento. Ngayo'y malinaw na siyensya rin ito. Ang diaphram ay yaong mukhang parasyut na nasa may ibaba ng ating ribs. Ito ang nagsusuplay ng hangin sa ating baga. Lahat ng singer ay kailangang huminga ng malalaim bago magsimula ng pag-awit. "Pinalolobo" nila ang kanilang diaphragm para may hanging reserba sa pagbirit. Mahalaga sa isang tagakuwento ang suplay ng hangin. May mga ehersisyong maaaring gawin para masanay tayo sa pagsasalita gamit ang diaphragm at hindi sa lalamunan lamang nagmumula ang tinig. Mas makabubuting hingin ang tulong ng ilang experto tulad ng mga nagtuturo ng voice lesson o mga titser sa P.E.

**Si Ikaw:** Okey. Pero sabi mo nga, ang pagkukuwento'y hindi lamang nagtatapos sa power at kalidad ng boses. Pa'no ko sila itetreyn sa pagkukuwento mismo?

**Si Batman:** Basta tandaan mo lang yung mga napag-usapan natin at madali mo na silang maitetreyn. Ang mahalaga naman ay alam mo ang prinsipyo ng pagkukuwento. Pero siyempre, bilang tagasanay, ipinapayong simulan mo muna sa pagsasanay sa sarili mo. Mas mainam na may modelo ang mga bata sa kanilang treyning. Maaari ring magpalabas ng mga video ng mahusay na pagkukuwento o kahit ng hindi masyadong mahusay na pagkukuwento para makilala nila ang ilang kamalian at mula doon ay matukoy ang mas mabuting paraan.

**Si Ikaw:** Marami pa sana akong gustong itanong pero lumalalim na ang gabi. Saka, baka hinahanap ka na ni Robin, hehe.

**Si Batman:** Robin?
Si Ikaw: 'Di ba si Batman ka?

**Si Batman:** Ha? Sino me sabi?

**Si Ikaw:** Di ba...?

**Si Batman**:Di ako si Batman 'no! Ako si Bathaluman. Bathaluman ng mga Kuwento! Ang haba kasi ng pangalan ko kaya iniklian ko na lang...Batman!

**Si Ikaw**: Haay naku...Joker ka talaga! Pero salamat. Maraming salamat talaga. Marami pa rin akong dapat malaman pero mukhang nauunawaan ko na. Hihirit pa ako ng isang tanong. Nakita mo naman siguro yung pamagat ng papel na ito. Sino ba talaga ang bida sa bidahan?

**Si Batman**: Maraming bida. Pero ang pinakabida talaga ay hindi ikaw. Hindi rin ako. Hindi rin ang mga kontestant o mga hurado. Hindi rin ang odyens ang pinakabida. At lalong hindi ang sumulat ng papel na ito. Ang pinakabida ay walang iba kundi ang KUWENTO mismo. Sa huli'y maglalaho ang mga palakpak at mananahimik ang mga tinig. Subalit kailangang magpatuloy ang kuwento. Kailangang manahan ito sa puso't isipan nang mga bumigkas at nakarinig nito. Pinakabida ang kuwento sa bidahan dahil ang kuwento ang may kapangyarihang bumago sa ating kinalalagyan. Ang kuwento ang ugnay natin sa Kahapon, Ngayon at Bukas. Ang kuwento ang magbibigay sa atin ng pag-asa. Ang kuwento ang magbibigay sa atin ng mga posibilidad.

**Si Ikaw**: Katulad ng posibilidad na kausap ko ngayon si Batman?

**Si Batman**: Maaari. Pero umaasa ka ba na maniniwala sila sa iyo na nakausap mo si Batman?

**Si Ikaw**: Pero hindi ba iyon ang kapangyarihan ng kuwento? Ang makalikha ng daigdig ng posibilidad? Kasasabi mo nga lang nun.

**Si Batman**: Pero mahirap lokohin ang tao, hehe. Si Ikaw at si Batman? Magdi-discuss ng tungkol sa Storytelling?

**Si Ikaw**: Bahala sila kung ayaw nilang maniwala. Bahala na si Batman!

## Space and the Beloved

Beside you, my perception
of space changes; it contracts
like a womb, the world
excluded from my range
of vision, faces receding
like flotsam into the shores
of oblivion, until only
your beloved visage remains.

Or it expands like the sea,
barriers between me
and you broken, the walls
separating us from mankind
collapsing like a castle
of sand, as we embrace
the universe in the sphere
of our inclusive affection.

-Ralph Semino Galán

## Time and the Beloved

When I am with you
time moves differently
it accelerates
like a bullet train
a speed boat
a jet plane
the surroundings blurring
into a haze of faces
a labyrinth of landmarks
a whirlwind of words
as I focus my attention
on you and you alone.

Or it decelerates
into triple slow motion,
so that a second stretches
and lasts a lifetime,
a gesture takes forever
to accomplish, an utterance
becomes comprehensible
only several centuries after,
and I end up remembering
the timbre of your voice,
the texture of your arms,
the tint of your eyes.

-Ralph Semino Galán

## Heirloom

I thought the world ended
when I lost my bracelet of rubies
and a hundred and one diamonds,
each cut no bigger than eyelets
the rainbow curve brighter than its gold band –
intertwined snakes, surgeon's trademark,
Mercury's too, around my arm.

Snake's ruby eyes and flawless diamonds
flash fiery colors never fighting back.
Ruby eyes light up my dark nights, clear stones
balm for my chafed lips on long, hot days.
At night, I'd caress the white stones on gold
that came in a velvet box
with love & kisses from my grandmother
when I was seven.

Now that the bracelet's gone, my bare arm
wants to believe its diamond eyelets
are crying to surface from the
crevices in my old dresser, snake's
cold stare ordering me to stop thrashing.

Tomorrow, the bracelet of the sky
will cut through my bedroom window,
more golden, bluer
and more green.

Christine F. Godinez-Ortega

## Higaunon Harvest

We broke our silence when the Baylan spoke
the words we understood.
The great Tagumbanwa was pleased
with our offering.

Quick fingers plucked the blushing
teats of summer – paced
the crackling of bowed twigs,
the snapping of coffee leaves with luscious chatter.
The arc of shiny discs into baskets
raised the pile and the sun's own spin

in the sky – a feast of red pepper toppings
on hot rice, salt, vinegar
and golden jackfruit blessed
by the spray of sacred waters.

Beside the waterfalls we sat on mossy ground
raised our first handful of rice
to the west where the white clouds rested
on the great Tagumbanwa's ridge.

Christine F. Godinez-Ortega

## Poem for Edith L. Tiempo

Like Sesshu, she paints man across
oceans, steep mountains, sturdy
pines and stolid rocks revealing firm
brush strokes framing time.

Her sure fingers traced half-wings
of butterflies and song-birds
embroidered on her gown;
the reds, magenta and muted gold
danced little dances when she heaved.

over temple offerings of mangoes, papaya,
beer, honey and canned peach,
we swapped ideas of beauty and love
a language gods use when they're pleased
her face now Sybil's, now Madonna's
lit up when a Persian cat rubbed its head
against her legs.

we jumped at the doorbell's sound —
our talk turned to mundane chatter
trailing lampshade light on our
faces casually turning to look at screen
doors to see if some phantom's there.

after a time, we shifted in our seats
teacher's heart tugged at mine
to unsay more visions of woman
loving, forgiving infidelities
tucked in a pulsating mole.

her hands fretted over mango pulp breaking
or stranded flotsam.
That night,
the heavens opened up to light
ilang-ilang scents filled us both.

Christine Godinez-Ortega

## Kung Bakit Malamlam ang Liwanag ng mga Aninipot sa Manggachapuy

Ayon kay Inay ay masamang pangitain
Kapag ang ilaw sa puwitan ng aninipot
Ay mapusyaw sa dilim. Kaya pala
Ang talangkang kanina ko pa inaabatan
Ay hindi na lumitaw sa nilubugang buhangin
Uuwi na sana ako nang mamataan
Papalapit si kuya at palangga niyang si Shela
Bahagyang nabulabog ang mga aninipot
At sa puno ng Manggachapuy ay nagpaikot-ikot
Naupo sa rosas na buhangin ang dalawa
Pinagmasdan ang kahel na araw
Habang nilululon ng higanteng alon
Dito madalas magtago sina kuya
Sa baryo kasi nami'y sandamakmak
Ang tsismoso't tsismosa
Sikat kasi itong si kuya, star player ng Barangay Aplaya
Numero uno sa pagsyut at pagdribol
Pinakamagaling ding sumisid ng talaba at tahong
Ito namang si Shela ay noon lang isang buwan
Ay itinanghal na Miss Upper Pigsootan
Minanmanan kong muli ang mailap na talangka
Tanaw ko na ang sipit at kapiraso nitong mukha
Urong-sulong sa butas niyang nilikha
Nang bigla na naman itong lumubog
Nagulat kasi sa sigaw ni Shela
Nang lingunin ko ang anino ng dalawa
Ano't tila nagreresling ang magsinta
Sa pulang buhangin ng aplaya
Sa malamlam na liwanag ng aninipot
Tanaw ko ang pusikit ng luha ni Shela
Pasaway talaga itong si kuya
Ngayon pa niya inaway at sinaktan si Shela
Alam naman niyang bukas ay tutulak na ito
Upang magpaalila sa Maynila.

German V. Gervacio

## Kung Paano Magiging Makata

Kung himbing na ang mga kasambahay
Hubo't hubad kang lumabas ng bahay
Titigan ang mga bitun at bilog na buwan
Habang pumapapak ng butong-pakwan

Ang ikasiyam na pusang magdaraan
Ay tadyakan sa tagliran o kaya'y sa balakang
Bilangin ang ngiyaw at hiwain ang tiyan
Pilipitin ang leeg hanggang sa maglaway

Tumuloy sa banyo at maglunoy sa batya
Tiyaking walang sabon at wala ring bula
Suklayin ang buhok at buong katawan
Humarap sa salamin at magpapalahaw

Siguraduhing kasambahay ay magigising
At maaabutan ka sa harap ng salamin
Titigan mo sila nang mata sa mata
Hayaang maglaho ka muna pansamantala

Saka ka ngayon kumuha ng pluma
Isang malinis na papel kahit de liha
Itarak ang pluma sa dalawang mata
Isisin kapagdaka ang kaluluwa

Sa likod-bahay kami'y madadatnan
Kaming napabantog na sa panulaan
Tanggapin mula sa amin ang mahika poeta
Sumumpa lang na ililihim mo ito sa iba

Ngayo'y isa ka nang ganap na makata
Tanto mo na ang lihim na aming inaligata
Bumalik ka sa salamin at ulit-ulitin:
"Hubad ako, pagmasdan! Lahat ay nasa akin!"

"Hubad ako, pagmasdan! Lahat ay nasa akin."

German V. Gervacio

## Graffiti

There is a shorter arm of this galaxy
Where the silent and marmalade seas
Surround these continents of sand.

Upon whose shores and valleys lie covered,
In various stages, by the shifting dunes, mounds
Of brick, plastic and twisted steel, the ruins
Pointed to — broken ribbons of concrete.

The sun that rises and sets no longer keeps
Time or casts long shadows on the land.
The granite block, now fallen, half buried
In the crime.

On it these words cut deep

"*Homo sapiens* were here."

No living thing disturbs this world.
No other vistage of this mysterious race
Where the thick and multicolored air reaches
From sea level to the edge of outer space.

Eduardo P. Ortega

---

EDUARDO P. ORTEGA is a Full Professor of Biology at the Department of Biological Sciences, College of Science and Mathematics, MSU-IIT. He finished his MS in Biology at the MSU-IIT. Aside from being a poet and a fictionist, his scientific papers have been published and read here and abroad.

## day one

all the forests
and the coral reefs were gone
and the seas were poisoned
by the land.

so, the Earth Spirit
lowered the continents
and let the waters
cleanse the land.

and afterwards
He asked the Water Spirit,
how do you want
the new kinds to be?

the Water Spirit pondered
for a million years and said,
make them big, make them free
but don't make them friendly.

don't make them breathers
of air but give them gills.
and the Earth Spirit
made them so.

and afterwards
He asked the Land Spirit,
how do you want
the new land to be?

after a million years
the Land Spirit spoke,

raise Atlantis but keep
the other continents
below the sea.
return all animals
and plants but wait
seven billion years
before making man.

and the land was made so
with all kinds but man.
and the Spirits were pleased.
and they rested
seven billion years.

day one.

Eduardo P. Ortega

## museum encounter at Christchurch, New Zealand

strange meeting you here
in this foreign land
so far from Mt. Iglit
you must find this temperate
climate too cold
for your tropical pelage

by what umbilical geometry
did you reach this ridge?
by a stepping stone island
chain or by a land bridge
in the Pleistocene?

almost, i did not recognize
you from your likeness
on the cover of my grade
school text — our teacher
made us memorize by heart:

the tamarau is found only
in Mindoro, Philippines!

from the tops of guava
trees, across ricefields
from river bank to river bank
we would shout that phrase

true, we heard your head
and horns adorn many walls
behind this wall
they are polishing
the bones of dinosaurs

are they hunting you
in Mt. Halcon?
do they still wait with guns
in their tree platforms
knowing you'll come to the river
with the rising moon?

you must never return
to the islands — only man
is not hunted there

whether by poisoned spear
or by bullet of terrifying
caliber, i pray the same stars
that fated this encounter
will guide and teach
the generation to come
the wisdom of compassion
and the courage to be kinder

Eduardo P. Ortega

## 13 00 N, 122 00 E
## At Year's End, 2005

The velocity of the monsoon wind is conspicuous
In the way the many-colored buntings
Rattle against the bamboo poles,
In the way the coconut fronds bend low
And turn as one in the same direction
As the wind.
On the horizon continents of cumulus clouds
Gather more vapors, darkening, threatening
More storms on some hapless islands.
But here, as yet, no thunder peals compete
With the noise on the boulevard,
Or deflect the syllables of a loveless conversation,
For in the upper reaches of the void
The sky is an expanse of blue canvas
On which the cirrus clouds
Have delicately brush-stroked some bird wings,
Some long flourishes of a wayward comet.
But nothing out of the ordinary—
Just one day out of a trillion, quadrillion days
In eternity's bottomless box of days,
One more day oozing out its hours, Thomas,
Exactly like the day 105 years ago
When the bird of hope seduced you,
With the breathless thrill of its evening song,
Into switching philosophical side.
Here, now, 13 degrees north, 122 degrees east,
Only the banal, blatant sparrows frolic
On the ledge of the battered seawall,
Unmindful of the demented surfs;
And we, too, alas, cannot hear music
Beyond their quotidian chirp and twitter.

Anthony L. Tan

---

ANTHONY L. TAN is a Full Professor of English at the Department of English, College of Arts & Social Sciences, MSU-IIT. He finished his Ph.D. in British Literature from Silliman University. He is a prize-winning poet, fictionist and essayist.

## Dreaming of La-itan

La-itan. La-itan.
Swish of retreating waves about the feet,
Ocean whispers to no one in particular.
Sand in tones of beige and pink
And miles and miles of beach
Like a new earth has risen
From chaos and formlessness,
Uncover crabs, tiger cowries and cucumbers.
The red lips of anemones close up
And become slimy stumps of self-forgetting.
La-itan. La-itan.
Sea grapes of memory. Sea fans of desire.
Refuge from what is human.
Sanctuary of dreams gone awry.
The tongue, the blue macaw, the black mynah,
Does not fear, for no one is near,
To repeat the thoughts aloud,
Thoughts not meant for the world to hear:
La-itan. La-itan.
Let your two-toned sand bed
Be the couch when the tide returns
In diurnal meeting of the two seas
Of Sulu and Sulawesi,
And the resigned hands are folded on the breast.
Let your blue crystals, as they begin to roll in,
Be the blue canopy under the blue sun.

Anthony L. Tan